# Why the Bisaraw Tree Leans to the Sea



Agta Aid—PUGAHAN Project
2014

~ Wakas ~

**Bakit Nakatagilid ang Punong Bisaraw sa Karagatan**

**Why the Bisaraw Tree Leans to the Sea**

Main text in Agta-Paranan language of the Republic of the Philippines

This is a joint project of Agta Aid and DepEd-LPU-NCIP-AusAid PUGAHAN and is supported by a grant from (fund grantor?) to (purpose of the project?).

In partnership with the Agta community in Diago, Palanan Province of Isabela

**Agta Aid—PUGAHAN Project**
**2014**





Nagpaligsahan silang muli. Si Duyung ay lumalangoy sa dagat at si Láman naman ay tumatakbo sa bundok. Wala nang nahuhuli sa kanilang dalawa dahil lagi na silang magkasabay.



**Why the Bisaraw Tree Leans to the Sea**


Story by:
Jimmy Donato

Translated into Agta by:
Redgina Cabaldo

Pictures drawn by:
Mary Joy Tabbog

Noong araw, sina Láman at Duyung ay naninirahan sa kabundukan. Sila ay matalik na magkaibigan.



Sinabi niya kay Láman, “Salamat, Láman! Dito ako pwedeng manirahan. Mula ngayon ay dito na ako mamamalagi at ikaw naman ay sa bundok.”





Nang subukan ni Duyung ang kanyang buntot sa dagat ay mabilis siyang nakagagalaw.



Naisipan ni Láman na magpaligsahan sila ni Duyung sa pagtakbo.







Ang nabaluktot na sanga ng Bisaraw ang ginamit ni Duyung upang makababa mula sa kabundukan patungo sa karagatan.



Si Láman ay nakatatakbo gamit ang kanyang mga paa habang si Duyung naman ay gumagapang.

Isang araw, napansin ni Láman na nanghihina si Duyung.

"Bakit ganyan ang dibdib mo?" tanong ni Láman sa kaibigan.



Binaluktot niya ang isang sanga ng puno sa direksiyon ng dagat.





Naghanap ng paraan si Láman upang matulungan ang kaibigan. Nakakita siya ng isang punong Bisaraw na malapit sa karagatan



Sumagot si Duyung, “Hindi ko kasi magamit ang aking buntot dito sa lupa upang makatakbo.”



Humini ng tulong si Duyung kay Láman upang makababa siya sa dagat.

“Anong gagawin mo sa dagat? Baka malunod ka!” sabi ni Láman.

“Susubukan ko lang itong buntot ko sa dagat kung pwede kong gamitin,” sagot ni Duyung.